# Espesyal na Halalan sa Mayo 2023

# Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

Mga Botante ng Jackson County:

Sa **Espesyal na Halalan sa Mayo 16, 2023**, pagbobotohan mo ang maraming labananan ng kandidato para mapunan ang mga posisyon sa mga lupon ng Distrito ng Rogue Community College, Southern Oregon Education Service District, Mga Distrito ng Paaralan, Mga Distrito ng Pamatay-Sunog, Mga Distrito ng Tagasuplay ng Tubig, Rogue Valley Transportation District, Distrito ng Jackson County Library at Distrito ng Rogue Valley Sewer Services.

Inilathala ang pamplet na ito upang magbigay sa mga botante ng impormasyon tungkol sa mga lokal na kandidato at panukalang-batas. Gayunpaman, hindi kinakailangang isama ang mga kandidato sa pamplet para sa mga botante. Ang mga pahayag at larawan sa pamplet para sa botante ay opsyonal at isinsumite kasama ng bayad sa paghahain. Kaya naman, hindi mo makikita sa pamplet na ito ang bawat kandidato na iyong pagbobotohan. At hindi mo pagbobotohan ang bawat kandidatong nasa pamplet na ito, kundi ang mga naaangkop na kandidato at mga panukalang-batas lamang para sa iyong presinto. Makukuha ang mga form sa paghahain ng lahat ng kandidato sa balota sa: http://jacksoncountyor.org/clerk/Home. I-click ang logo ng halalan para pumunta sa pahina ng halalan.

Ang iyong balota, na ihahatid sa iyo simula **Biyernes, Abril 28, 2023** ay maglalalman lamang ng iyong mga naaangkop na kandidato at panukalang-batas. Dapat na mamarkahan ng USPS ang mga balota nang hindi lalampas sa araw ng halalan o nailagay sa isang opisyal na drop box para sa balota ng Oregon nang hindi lalampas sa 8:00 p.m., **Martes, Mayo 16, 2023** upang mabilang.

Ang huling araw ng pagpaparehistro para bumoto sa halalan na ito ay sa **Martes, Abril 25, 2023.** Naipadala ang pamplet na ito sa mga post office mailing address. Sa gayon, ang pagtanggap mo ng pamplet para sa mga botante ay hindi nangangahulugan na ikaw ay isang rehistradong botante. Maaari mong tingnan online ang iyong katayuan sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng **Aking Boto** sa www.oregonvotes.gov.

Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi maaaring ipasa! Ang mga botante na kasalukuyang nakarehistro sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang tirahan (address) o mailing address o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago matapos ang oras ng patatrabaho sa Araw ng Halalan upang makaboto. Kung kailangan mong magrehistro o mag-update ng iyong rehistrasyon, maaari mong gawin ito online sa pamamagitan ng **Aking Boto** sa www.oregonvotes.gov. Makakakuha ka rin ng card ng pagpaparehistro bilang botante sa pamplet na ito, sa iyong lokal na post office, o sa DMV. Kung nais mong personal na magrehistro o mag-update ng iyong card ng pagpaparehistro bilang botante, matatagpuan kami sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa katayuan ng iyong pagpaparehistro bilang botante o sa proseso ng halalan, tawagan ang Tanggapan para sa Halalan sa 541-774-6148.

Taos-pusong sumasainyo,

Chris Walker
Clerk ng Jackson County

# Mga Tagubilin sa Pagboto

Ang impormasyong ito **ay inilagay sa pamplet para sa mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa pagmamarka ng kanilang balota.**

### Punan ang Bilog

Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto:
→ Gumamit ng asul o itim na panulat.
→ Ganap na punan ang bilog.
→ Huwag maglagay ng tsek.
→ Huwag magmarka ng X.

### Kandidato o Panukalang-Batas

→ Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

### Write-In

→ Upang isulat ang isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa write-in at isulat ang pangalan sa linya.

### Undervote

→ Kung hindi ka bumoto sa isang kategorya o panukalang-batas, ito ay tinatawag na undervote.
→ Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa kategorya o panukalang-batas.
→ Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.

### Overvote

→ Kung bumoto ka para sa mas maraming kandidato kaysa sa pinapahintulutan, o kung pareho mong binoto ang Oo at Hindi sa isang panukalang-batas, tinatawag itong labis na pagboto o overvote.
→ Hindi mabibilang ang isang boto para sa kategorya o panukalang-batas na labis ang iyong pagboto, maliban kung itama mo ito.
→ Maaari mong itama ang isang labis na pagboto (overvote) sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "Paano Itama ang Isang Pagkakamali"

### Paano Itama ang Isang Pagkakamali

→ Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.
→ Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.
→ Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.

→ May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

**Maaari kang makipag-ugnayan sa Jackson County Elections sa 541-774-6148 para humiling ng kapalit na balota kung:** nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

**Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon:** Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampulitika na itinalaga ng clerk ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. Gayundin, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung siya ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

## Pagbabalik ng Iyong Balota

**Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 16, 2023**

**Matapos iboto ang iyong balota:**

1. **Suriin** kung may mga pagkakamali sa iyong balota;
2. **Ilagay** ang iyong balota sa sobre para sa pagbabalik ng balota (ballot return envelope);
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbabalik ng balota;
4. **Pirmahan** ang sobre para sa pagbabalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota.

**Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:**

1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang mamarkahan ito ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o
2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box para sa balota ng Oregon bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan

**Mahalaga!** Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbabalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang pinipirmahan mong sobre para sa pagbabalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**

Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

# Mga Lokasyon ng Hulugan ng Balota

**Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 16, 2023**

**Opisyal na mga Lokasyon ng Hulugan ng Balota ng Jackson County**

*(Magbubukas sa Lunes, Mayo 1, 2023)*

**Halalan sa Jackson County**
1101 W. Main St., Suite 201
Medford, OR 97501
(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag)

Ang mga drop box para sa balota na nasa **gilid ng bangketa (curbside)** at **agarang napupuntahan (walk-up)** ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)

Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

Ang mga drop box para sa balota **sa loob** ng opisina ng Halalan ay bukas 8 am hanggang 4 pm, Lunes – Biyernes
(7 am - 8 pm sa Araw ng Halalan)

*(Magbubukas sa Lunes, Mayo 8, 2023)*

**Ashland Library**
410 Siskiyou Blvd.
Ashland, OR 97520

Ang drop box para sa balota na nasa **gilid ng bangketa (curbside)** ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita sa labas ng Gresham St. malapit sa book drop)

Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

**Central Point Library**
116 S. 3rd St.
Central Point, OR 97502

Ang **agarang napupuntahang (walk-up)** drop box para sa balota ay bukas 24 na oras araw-araw (sa timog na bahagi ng gusali ng library, pangunahing pasukan)
Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

*(Magbubukas sa Lunes, Mayo 8, 2023)*

**Eagle Point Library**

239 W. Main St.
Eagle Point, OR 97524

Ang **agarang napupuntahang (walk-up)** drop box para sa balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)

Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

**Medford Library**
205 S. Central Ave
Medford, OR 97501

Ang drop box para sa balota na nasa **gilid ng bangketa (curbside)** ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa paradahan sa labas ng 10th St.)

Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

**Phoenix Library**
510 W. 1st St.
Phoenix, OR 97535

Ang **agarang napupuntahang (walk-up)** drop box para sa balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)

Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

**Rogue River Library**
412 E. Main St.
Rogue River, OR 97537

Ang **agarang napupuntahang (walk-up)** drop box para sa balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)

Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan

# Impormasyon sa Pagpaparehistro bilang Botante

## Pagpaparehistro para Makaboto

Upang makaboto sa Oregon kailangan kang rehistrado sa county kung saan ka nakatira.

Maaari kang magparehistro kung masasagot mo ng oo ang tatlong tanong na ito:

→ Ikaw ba ay residente ng Oregon?

→ Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.?

→ Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka makakatanggap ng balota hanggang sa magkaroon ng halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

## Paano magparehistro:

Maaari kang magparehistro online para bumoto sa oregonvotes.gov o maaari kang makakuha ng card ng pagpaparehistro bilang botante (voter registration card) sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

→ anumang Tanggapan para sa Halalan ng County

→ ang Tanggapan ng Kalihim ng Estado

→ ilang ahensya ng estado tulad ng Division of Motor Vehicles

→ isang kampanya para sa pagpaparehistro bilang botante

Maaari ka ring mag-print ng card ng rehistrasyon online sa: www.oregonvotes.gov.

Maaari mong punan ang card at ipadala ito nang personal o sa pamamagitan ng koreo ng US.

Upang makaboto sa Espesyal na Halalan sa Mayo 16, 2023, ang iyong nakumpletong card ng pagpaparehistro bilang botante ay dapat na:

→ namarkahan ng koreo pagsapit ng Martes, Abril 25, 2023; o

→ inihatid sa isang tanggapan para sa halalan ng county pagsapit ng Martes, Abril 25, 2023.

→ inihatid sa anumang ahensya ng pagpaparehistro bilang botante (hal., DMV) pagsapit ng Martes, Abril 25, 2023.

Kung magrehistro ka para makaboto online, dapat maisumite ang iyong rehistrasyon bago mag-11:59 pm ng Martes, Abril 25, 2023.

## Anong impormasyon ang kailangan para makapagrehistro?

Upang makumpleto ang iyong pagpapaparehistro, ibibigay mo ang iyong:

→ Buong legal na pangalan

→ Tirahan (address)

→ Petsa ng kapanganakan

→ Lagda

→ Balidong ID

## Ano ang mga kinakailangang pagkakakilanlan?

1. Kung mayroon kang kasalukuyang, balidong Lisensya sa Pagmamaneho, Permit o numero ng ID na ibinigay ng Division of Motor Vehicles (DMV) ng Estado ng Oregon, dapat mong ilagay ito sa mga kahon sa card. Balido pa rin ang isang suspendidong lisensya sa Pagmamaneho; HINDI balido ang isang pinawalang-bisang Lisensya sa Pagmamaneho.

2. Kung wala kang kasalukuyang, balidong Lisensya sa Pagmamaneho, Permit o numero ng ID na ibinigay ng Division of Motor Vehicles (DMV) ng Estado ng Oregon, dapat mong banggitin ito sa card sa pamamagitan ng pagmamarka sa naaangkop na bilog at dapat mong ibigay ang huling apat na numero ng iyong Social Security.

3. Kung wala kang numero ng Social Security, dapat mong banggitin ito sa card sa pamamagitan ng pagmarka sa bilog na nagpapahiwatig na wala kang balidong Lisensiya sa Pagmamaneho o numero ng Social Security.

4. Kung wala kang Lisensiya sa Pagmamaneho, Permit, numero ng ID, o numero ng Social Security, at nagrerehistro ka sa pamamagitan ng koreo, dapat kang magbigay ng kopya ng isa sa mga sumusunod na nagpapakita ng pangalan ng botante at kasalukuyang address:

   → balidong larawan ng pagkakakilanlan

   → resibo ng pasahod

   → utility bill

   → bank statement

   → dokumento mula sa gobyerno

   → patunay ng pagiging kwalipikado sa ilalim ng Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act (UOCAVA) o ng Voting Accessibility for the Elderly and Handicapped Act (VAEH)

Kung hindi ka magbibigay ng balidong pagkakakilanlan, hindi ka maaaring bumoto sa mga Pederal na halalan. Gayunpaman, maaari ka pa ring bumoto sa mga pang-estado at lokal na halalan.

## Pag-update ng iyong pagpaparehistro bilang botante:

Kapag nakapagrehistro ka na, tungkulin mong panatilihing pinakabago ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa www.oregonvotes.gov o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbalik ng card ng pagpaparehistro bilang botante na nakalagay ang bagong impormasyon. Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod:

→ magpapalit ng address ng iyong tirahan

→ babaguhin ang iyong mailing address

→ babaguhin ang iyong pangalan

→ babaguhin ang iyong pirma

→ nais magpalit o pumili ng partidong pampulitika

→ babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan

Kung ipagbibigay-alam mo sa tanggapan para sa halalan ng iyong county ang pagbabago ng iyong tirahan (address) pagkaraan ng Mayo 11, 2023, dapat mong hilingin na ipadala sa iyo ang isang balota o pumunta sa tanggapan para sa halalan ng iyong county upang makuha ang iyong balota.

- **Huling araw ng pagpaparehistro bilang botante:** Abril 25, 2023
- **Mga balotang ipinadala sa koreo:** Abril 28, 2023
- **Araw ng Halalan:** Mayo 16, 2023
- **Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:**
    1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang ito ay mamarkahan ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o
    2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box para sa balota ng Oregon bago mag-8pm sa Araw ng Halalan.

# Panukalang-Batas 15-212 – Distrito ng Charlotte Ann sa Pagsuplay ng Tubig

**Caption:**

Pagbuwag sa Distrito ng Charlotte Ann sa Pagsuplay ng Tubig at Paglipat ng Serbisyo ng Tubig

**Tanong:**

Dapat bang buwagin, itigil at ilipat ng Distrito ng Charlotte Ann sa Pagsuplay ng Tubig ang mga responsibilidad nito sa pagbibigay-serbisyo sa Mga Lungsod ng Phoenix at Medford?

**Buod:**

Obligado ang Distrito sa ilalim ng mga batas ng Oregon na ilipat ang halos lahat ng mga linya ng tubig nito upang mapadali ang patuloy na mga proyektong pang-imprastruktura ng ODOT sa kahabaan ng Hwy 99N. Inaabisuhan din ang Distrito na kailangang magkaroon ng mga malalaking pagpapabuti sa pumping station ng Distrito upang patuloy na makapagbigay ng sapat at ligtas na tubig sa mga customer ng Distrito. Walang sapat na kakayahang pampinansyal ang Distrito para matugunan sa abot-kayang halaga ang mga obligasyon sa hinaharap para sa mga customer ng Distrito. Kung bubuwagin ang Distrito, ang mga responsibilidad nito sa pagbibigay-serbisyo ay ililipat sa simula, sa mga lungsod ng Phoenix at Medford, sa pamamagitan ng pakikipagkasunduan sa Medford Water Commission at sa lungsod ng Phoenix, habang inaantabayanan ang isang petisyon ng lungsod ng Phoenix sa pagsakop balang araw, o, kung mabigo ang pagsakop, sa pamamagitan ng mga kasunduan sa mga lungsod ng Phoenix at Medford. Ang paghahati-hati ng mga gastos sa hinaharap para sa mga obligasyong pang-imprastruktura ng ODOT ng Distrito ay nakasalalay sa resulta ng anumang proseso ng pagsakop.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Binabalak ng Jackson County at Oregon Department of Transportation (ODOT) na magsagawa ng mga pagpapabuti sa South Pacific Highway (99N), Medford, Oregon. Nagsimula na ang mga pagpapabuti at kasalukuyang nakatakdang matapos sa 2025. Bilang bahagi ng mga pagpapabuting ito, inaatasan ang Distrito na ilipat ang mga linya ng tubig na kasalukuyang matatagpuan sa kalsada. Alinsunod sa ORS 758.010 at 758.025, kinakailangang ilipat ng Distrito ang mga linya ng tubig na mismong gagastusan nito. Sa tulong ng Medford Water Commission, nagsaliksik ang Distrito ng

mga opsyon para sa paglipat at/o pagpapalit ng mga linya ng tubig.

Tinatantya ng Medford Water Commission at ODOT na ang mga hindi maibabalik na gastusin sa Distrito para ilipat ang mga linya ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang $1.7 hanggang $3.7 milyong dolyar. Hindi malalaman ang aktwal o tunay na halaga ng konstruksyon hanggang sa nai-bid at naitayo ang proyekto, at maaaring lumagpas sa natantyang gagastusin. Dahil sa Sunog sa Almeda noong Setyembre 8, 2020, nawalan ng halos dalawang-katlong customer ang Distrito. Habang unti-unting bumabalik ang dating kinikita nito bago naganap ang sunog, ang Distrito ay walang sapat na hinahawakang pera para mailipat o palitan ang mga kinakailangang umiiral na linya ng tubig.

Kung hindi bubuwagin ang Distrito, maglilikom ng pondo mula sa bono ang Distrito upang mailipat ang mga linya ng tubig kung kinakailangan, at kakailanganin nitong magpataw ng malaking dagdag-singil o magtaas ng singil para mabayaran ang naturang pagpopondo mula sa bono. Kung hindi makakalikom ng pondo mula sa bono ang Distrito para mailipat ang mga linya ng tubig, hindi mababayaran ng Distrito ang mga gastusin nito at hindi na makakapagpatuloy ng operasyon. Kung, gaya ng ipinaalam sa Distrito, na kailangan ang ilang matinding pagsasaayos o pagpapabuti sa pumping station balang araw, maaaring hindi makakuha ng pondo ang Distrito para sa mga gastusing ito, sa gayon, hindi makakapagpatuloy ng operasyon ang Distrito.

Kung mabubuwag ang Distrito, inaasahan na ang lahat ng personal na ari-arian nito, pati na rin ang mga responsibilidad nito sa pagbibigay-serbisyo, ay ililipat sa Lungsod ng Phoenix. May ari-arian ang Distrito kung saan matatagpuan ang isang pumping station at inaasahang ililipat ang ari-ariang ito sa Lungsod ng Phoenix.

Sa simula, magpapatuloy ang serbisyo ng tubig sa Distrito sa pamamagitan ng isang kasunduan sa pagitan ng Medford Water Commission, Lungsod ng Phoenix at ng Distrito habang inaantabayanan ang isang petisyon ng Lungsod ng Phoenix na isama at bawiin ang mga bahaging iyon ng Distrito sa loob ng Phoenix Urban Growth Boundary. Ang natitirang mga customer ng Distrito sa loob ng Medford Urban Growth Boundary ay bibigyan ng serbisyo ng Medford Water Commission at magbabayad ng panlabas na singil (outside rate) ng Medford Water Commission para sa serbisyo ng tubig.

Walang hindi nababayarang pagkakakautang ang Distrito. Maaaring masiyasat nang mabuti ang planong pagbubuwag at pagtigil ng operasyon sa Tanggapan ng County Clerk, 1101 W. Main Street, Suite 201, Medford, OR 97501.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Distrito ng Charlotte Ann sa Pagsuplay ng Tubig.)*

# Panukalang-Batas 15-213 – Distrito ng Paaralang Rogue River 35

**Caption:**

Mga Bono para sa Mga Pagpapabuti sa Sistemang Pangkaligtasan, Pangangalaga, Pagsasaayos, at Pagtatayo ng mga Pasilidad ng Paaralan

**Tanong:**

Dapat bang pahusayin ng Distrito ng Paaralang Rogue River ang sistemang pangkaligtasan, magpatayo at magpaayos ng mga paaralan at silid-aralan sa pamamagitan ng pag-isyu ng $4,465,000 na general obligation na mga bono? Kung maaprubahan ang mga bono, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:**

Dahil sa pagtubos sa kasalukuyang mga bono, inaasahang mapapanatili ng pag-apruba sa panukalang ito kaugnay ng bono ang kasalukuyang halaga ng buwis, sa halip na mapataas ito. Kung maaaprubahan ang mga bono, magbibigay ang Estado ng $4,000,000 katumbas na kaloob. Makakatulong ang pag-apruba sa pagkakaroon ng ligtas, maginhawang kapaligiran sa pagtuturo at pag-aaral sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng mga pagpapahusay sa sistemang pangkaligtasan sa buong distrito, kabilang ang pagpapatupad ng mga iisang pasukan sa kampus para sa mga paaralang pang-elementarya.

- Pagprotekta sa mga pamumuhunan ng komunidad sa mga paaralan sa pamamagitan ng pagsasaayos, pagpapanatili at pangangalaga ng mga kasalukuyang gusali sa buong distrito kabilang ang pagpapagawa o pagpapalit ng mga tubo ng tubig, kusina, at mga bahagi ng sistemang pang-elektrisidad.

- Pagtatayo ng bagong gusali sa high school (kampus) upang magkaroon ng hiwalay na lugar para sa mga mag-aaral sa junior high, kabilang ang mga silid-aralan, locker room, at lugar para sa paggamit ng lahat.

- Mga karagdagang gastusin, kabilang ang mga pagpapahusay sa lugar, demolisyon, kasangkapan, kagamitan, at mga gastos sa pag-isyu ng bono.

Maaaring mag-iba ang aktwal na halagang ipapataw dahil sa mga panghuling antas ng interes at pagbabago sa tinasang halaga. Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bono na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 9 na taon mula sa panahon ng pag-isyu.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Binanggit ng Distrito ng Paaralang Rogue River ang isang panukala para sa pag-isyu ng pinagsama-samang principal amount na $4,465,000 na general obligation na mga bono para mapanatili ang mga umiiral na gusali ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng pagpapalit o pagpapagawa ng mga lumang sistema ng tubo ng tubig at kuryente, upang mapahusay ang seguridad sa buong distrito, at magtayo ng hiwalay na gusali para sa mga mag-aaral sa junior high. Kung papayagan ng mga botante ang bonong ito, makatatanggap ang Distrito ng karagdagang $4 milyon mula sa Estado. Magsisilbing kapalit ang bonong ito ng magtatapos na bono sa Hunyo 2023 at kasalukuyang hindi tinatantyang magpapataas ng mga buwis sa ari-arian kumpara sa kasalukuyang binabayaran ng mga may-ari ng ari-arian.

Ang malaking bahagi ng mga gusaling ginagamit ng distrito ng paaralan ay itinayo noong mga 1970 o bago pa sa panahong iyon. Nalalapit na ang ika-50 taong pagbibigay-serbisyo ng Rogue River High School, at kahit na napanatiling maayos ang gusali, ang ilang bahagi ng sistema ng tubo ng tubig at kuryente ay malapit nang hindi magamit at nagsisimula nang masira. Inaasahang magagamit ang bono para sa pagbayad ng mga papalitan o gagawin sa mga sistemang ito. Inaasahang magagamit din ang bono para sa pagbayad ng mga gagawing tubo ng tubig at kuryente sa mga kampus ng elementarya.

Nangangailangan ng mga pagpapahusay sa seguridad ang parehong Elementary East at West. Inaasahang makakapagbigay-daan sa Distrito ang mga nalikom mula sa bono para baguhin ang mga bakod at pasukan ng bawat kampus upang magawa ang iisang pasukan kung saan kailangang magpatala sa tanggapan ang mga bisita bago pumasok sa kampus. Sa kasalukuyan, napakadaling makapasok sa mga kampus. Nilalayon ng Distrito na isama sa disenyo ang isang paraan para madaling magamit ng komunidad ang mga panlabas na espasyo ng dalawang kampus kapag walang pasok.

Sa kasalukuyan, pumapasok sa iisang bulwagan ng high school ang mga mag-aaral sa junior high. Gagamitin ang bono para sa pagbayad ng isang bagong gusali sa high school na ilalaan sa mga mag-aaral sa junior high. Magkakaroon ang bagong gusali ng mga silid-aralan, palikuran, locker room, at lugar na eksklusibo para sa paggamit ng mga mag-aaral sa junior high. Sa kasalukuyan, ang mga palikuran, locker room, at lugar para sa lahat ay parehong ginagamit ng mga mag-aaral sa junior high at high school. Ang paggawa sa lote ng high school ng karagdagang lugar para sa mga mag-aaral sa junior high ay magbibigay-daan sa Distrito upang magamit at maibahagi ang

mga kawani sa ngayon mula sa kasalukuyang junior/senior high school para magtrabaho sa bagong gusali. Kung ilalagay ng Distrito sa ibang lugar ang mga mag-aaral sa junior high maliban sa lugar ng high school, kakailanganin ng Distrito na kumuha ng karagdagang kawani para sa bagong lokasyon ng junior high.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Distrito ng Paaralang Rogue River #35.)*

# Panukalang-Batas 15-214 – Lungsod ng Ashland

**Caption:**

Mga Iminungkahing Pagbabago sa Ordinansa sa Buwis sa Pagkain at Inumin ng Ashland

**Tanong:**

Dapat bang baguhin ang ordinansa para ilaan ang mga kita sa mga parke ng lungsod, bakanteng lugar, libangan, at serbisyo para sa matatanda?

**Buod:**

Ang pagboto ng "Oo" sa panukalang ito ay nagpapahintulot sa Lungsod ng Ashland na gamitin ang Buwis sa Pagkain at Inumin para sa mga parke ng lungsod, bakanteng lugar, libangan, at serbisyo para sa matatanda gaya ng mga sumusunod, alinsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Lungsod: dalawampu't limang porsyento (25%) para sa mga gastusin kabilang ang pagtatamo, pagpaplano, pagpapaunlad, pag-aayos, at rehabilitasyon; pitumpu't tatlong porsyento (73%) para sa pagpapatakbo, pagpapanatili, o mga malalaking gastusin. Dalawang porsyento (2%) ng buwis ang gagamitin para sa pangangasiwa ng buwis.

Mananatili sa 5% ang halaga ng buwis, at anumang pagtaas sa halaga ng buwis o pagbabago sa paggagamitan nito ay mangangailangan ng pag-apruba ng botante. Ang petsa ng pagkawala ng bisa ng buwis ay sa Disyembre 31, 2040.

Ang  pagboto ng "Hindi" ay nangangahulugang mananatiling pareho ang umiiral na alokasyon ng Buwis sa Pagkain at Inumin, na ang mga kikitain sa buwis ay ilalaan sa mga gastusin para sa parke (hindi bababa sa 25%), utang sa pag-aayos ng kalye o mga malalaking gastusin para sa mga parke (hanggang 73%), at pangangasiwa ng buwis (2%).

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Sa pamamagitan ng pampublikong boto ng mga residente ng Lungsod ng Ashland mula pa noong 1995, binigyang-pahintulot na gamitin ang Buwis sa Pagkain at Inumin para sa malalaking gastusin sa pagpapabuti, kabilang ang wastewater system, mga kalsada, at mga parke ng Lungsod. Ang kasalukuyang Ordinansa sa Buwis sa Pagkain at Inumin ng Lungsod ay nag-aatas na hindi bababa sa dalawampu't limang porsyento (25%) ng buwis na nakolekta ang ilalaan para sa malalaking gastos sa pagtatamo, pagpaplano, pagpapaunlad, pag-aayos, at rehabilitasyon ng mga parke ng Lungsod. Hanggang

dalawang porsyento (2%) ang maaaring ilaan para sa pangangasiwa ng buwis. Ang natitirang halaga na pitumpu't tatlong porsyento (73%) ay maaaring ilaan para sa pag-aayos ng kalsada o malalaking gastusin para sa mga parke ng Lungsod.

Binibigyang-pahintulot ng Panukalang ito ang Lungsod na maglaan ng dalawampu't limang porsyento (25%) ng buwis na nakolekta para lamang sa mga malalaking gastusin sa mga parke ng Lungsod at dalawang porsyento (2%) para sa pangangasiwa ng buwis. Ang natitirang halaga na pitumpu't tatlong porsyento (73%) ay malawakang ilalaan para sa mga parke, bakanteng lugar, libangan, at mga serbisyo para sa matatanda, kabilang ang pagpapatakbo, pagpapanatili, at mga malalaking gastusin para sa mga layuning ito.

Papahabain ng panukalang ito ang petsa ng pagkawalang-bisa ng Buwis sa Pagkain at Inumin hanggang Disyembre 31, 2040. Nananatili sa 5% ang halaga ng buwis. Kung maipapasa, magkakabisa ang ordinansang ito kapag naaprubahan at ang anumang pagbabago sa hinaharap sa pinahihintulutang paggamit, halaga ng buwis o petsa ng pagkawalang-bisa ay mangangailangan ng pag-apruba ng botante ng Ashland.

Resulta ng Botong "Hindi"
Kung hindi maipasa ang panukalang ito, mananatili ang umiiral na ordinansa sa buwis sa pagkain at inumin, na ang mga kikitain sa buwis ay nakalaan sa malalaking gastusin para sa mga parke ng Lungsod (hindi bababa sa 25%), mga utang sa pag-aayos ng mga kalsada (hanggang 73%), at pangangasiwa ng buwis (hanggang 2%), at nananatili ang petsa ng pagkawalang-bisa sa Disyembre 31, 2030.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Ashland.)*

# Panukalang-Batas 15-215 – Lungsod ng Ashland

**Caption:**

Baguhin ang sahod para sa Alkalde at Mga Konsehal ng Lungsod ng Ashland.

**Tanong:**

Dapat bang baguhin ang sahod para sa posisyon ng Alkalde at Mga Konsehal ng Lungsod ng Ashland upang maging $900 ang bawat isa kada buwan?

**Buod:**

Sa ilalim ng Karta ng Lungsod ng Ashland, ang taunang sahod para sa posisyon ng Alkalde at Konsehal ng Munisipyo ay $500 at $350 ayon sa pagkakabanggit para sa kanilang trabaho sa ngalan ng mga mamamayan ng Ashland. Ang mga halaga ng kabayarang ito ay pinagtibay sa Karta ng Lungsod noong 1954. Inaatas ng kasalukuyang Karta ng Lungsod na ang anumang pagbabago sa sahod ng Alkalde at mga Konsehal ng Munisipyo “ay isusumite para sa pagboto ng mga mamamayan” ng Ashland.

Mababago ng pagboto ng “Oo” ang sahod ng Alkalde at mga Konsehal upang maging $900 para sa bawat posisyon kada buwan para sa paghahanda at paglahok sa mga pulong ng Konseho ng Lungsod; pagsasagawa ng mga tungkulin sa pakikipag-ugnayan ng Konseho sa mga komite, komisyon, at panlabas na organisasyon ng Lungsod; kumatawan sa Lungsod sa iba pang mga pampublikong pagpupulong o mga kaganapan sa komunidad; at pagsasagawa ng iba pang mga gawain na kinakailangan upang matupad ang kanilang mga tungkulin bilang mga Inihalal na Opisyal ng Lungsod.

Ang pagboto ng “Hindi” ay nangangahulugan na hindi magbabago ang taunang kabayaran ng Alkalde at mga Konsehal ng Lungsod ng Ashland mula sa kasalukuyang taunang halaga na $500 at $350 ayon sa pagkakabanggit.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Sa ilalim ng Karta ng Lungsod ng Ashland, ang taunang sahod ng Alkalde at mga Konsehal ng Munisipyo ay $500 at $350 ayon sa pagkakabanggit. Unang pinagtibay ang mga halaga ng kabayarang ito sa Karta ng Lungsod noong 1954 at kasalukuyang binabayaran nang isang beses kada taon para sa serbisyo ng nakaraang taon. Ang kasalukuyang Karta ng Lungsod ay nag-aatas na ang anumang pagbabago sa halaga ng sahod ng Alkalde at mga Konsehal ng Munisipyo ay “isusumite para sa pagboto ng mga mamamayan” ng Ashland.

Babaguhin ng panukalang ito ang sahod ng Alkalde at mga Konsehal upang maging $900 kada buwan para sa trabahong ginagawa nila bilang mga miyembro ng lupong tagapamahala ng Lungsod ng Ashland. Kabilang sa gawaing ito ang paghahanda at pagdalo sa mga pulong ng Konseho ng Lungsod at mga pulong ng lupong tagapayo, pangangasiwa sa mga operasyon ng Lungsod, pakikipagpulong sa iba pang inihalal o hinirang na mga opisyal ng pamahalaan, kumatawan sa Lungsod para sa panrehiyong pagpaplano o iba pang proseso ng pamahalaan, pagbibigay-alam sa lokal na media tungkol sa mga isyu ng Lungsod, pagdalo sa mga pampublikong kaganapan, at pagsasagawa ng iba pang pagpapaunlad sa patakaran ng Konseho o mga tungkulin sa pakikipag-ugnayan. Nilalayon din ng iminungkahing halaga ng kabayarang ito na mabigyan ng pagkakataon ang sinumang mamamayan ng Ashland na maglingkod sa Konseho ng Lungsod nang hindi makararanas ng epekto ng kakulangang pampinansiyal. Ang anumang pagbabago balang araw sa halaga ng sahod ng Mayor at mga Konsehal ng Lungsod ay sasailalim sa isa pang pampublikong pagboto ng mga botante ng Ashland.

Kung hindi maipasa ang panukalang ito, hindi tataas ang taunang sahod ng Alkalde at mga Konsehal ng Lungsod ng Ashland mula sa kanilang kasalukuyang taunang halaga na $500 at $350 ayon sa pagkakabanggit.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Ashland.)*

# Panukalang-Batas 15-216 – Lungsod ng Talent

**Caption:**

Ang Pagkonsulta na Pagboto (Advisory Vote) sa Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan)

**Tanong:**

Dapat bang ipatupad ng Talent ang Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan) gamit ang pagpopondo galing sa dagdag-buwis para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal tax increment financing)?

**Buod:**

Ang pagpasa ng panukalang ito ng pagkonsulta ay magpapahiwatig ng pagsuporta ng botante para sa paggamit ng pondo galing sa dagdag-buwis upang ipatupad ang Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan). Ito ay isang plano para sa pagpapabilis ng pagtayo ng abot-kayang pabahay, pagbabalik-sigla sa lugar ng komersyo, pagpapaganda ng pampublikong imprastraktura, at paghahanda sa natural na kalamidad sa loob ng Talent.

Sa ilalim ng batas ng pag-aayos ng lungsod (urban renewal) ng Oregon, ang pagpopondo galing sa dagdag-buwis ay naglalaan lamang ng bahaging iyon ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian na may kaugnayan sa bagong pagpapaunlad at pagtaas ng halaga ng ari-arian sa loob ng itinalagang lugar para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal) upang mabayaran ang mga proyektong pakikinabangan ng lugar na iyon. Ang pagpopondo mula sa dagdag-buwis ay makakaapekto sa ibang mga distrito ng pagbubuwis. Ang pagpapaganda ng lungsod ay hindi magdudulot ng pagtaas sa kasalukuyang mga halaga ng buwis sa ari-arian o magpapataw ng anumang bagong buwis sa ari-arian.

Kung maaprubahan ang panukalang ito, ang Plano ay pagtitibayin ng Konseho ng Lungsod ng Talent (Talent City Council). Kung hindi ito naipasa, hindi isasaalang-alang ng Konseho ang pagpapatibay nito.

Kung pinagtibay, ang anumang kasunod na pagbabago ng Plano ay kailangang sumunod sa mga pamamaraan ng pag-amyenda na nakabalangkas sa mga batas ng Oregon, at ang anumang iminungkahing pagbabago ukol sa pinakamataas na pagkakautang ay isasangguni sa publiko para sa susunod na pagkonsulta na pagboto.

Matatagpuan ang Plano at karagdagang impormasyon sa www.cityoftalent.org.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

*Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan)*

Nakabalangkas sa Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan) ang mga layunin at labing-anim na proyektong idinisenyo upang tulungan ang komunidad ng Talent na makabangon mula sa naganap na Sunog sa Almeda noong Setyembre 2020. Ang mga layunin ng plano ay:

Ibalik ang abot-kayang pabahay. Tinutukoy ng plano ang mga malakihan at pangmatagalang proyekto (capital projects) na nakakatulong sa pagpaparami ng mga matatayuang lupa at mga programang nagbibigay insentibo upang hikayatin ang mga paggawa ng abot-kayang pabahay.

Pasiglahin ang mga lugar ng komersyo. Tinutukoy ng plano ang mga programang nagbibigay insentibo na maglalaan ng mga kaloob at pautang sa mababang halaga upang hikayatin ang pag-unlad na pang-komersyo at suportahan ang mga negosyo.

Pagandahin ang pampublikong imprastraktura. Tinutukoy ng plano ang mga kailangang pampublikong proyektong pang-imprastraktura upang suportahan ang muling pinagandang mga lugar na may mas maraming tao, tulad ng mga bangketa, pinahusay na linya ng sunog, at pinataas na kapasidad para sa tubig-bagyo.

Taasan ang katatagan at bawasan ang panganib. Tinutukoy ng plano ang mga proyekto upang mabawi ang nawalang kalundong ng puno (tree canopy), maglagay ng mga sistema ng pagbabala, at maglagay ng mga daanan sa paglalakad upang mas mapanatili ang mga natural na lugar.

*Pagpopondo para sa Pagpapaganda ng Lungsod (Urban Renewal Financing)*

Ang pagpopondo mula sa dagdag-buwis para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal tax increment financing) ay iminungkahi na maging pangunahing mapagkukunan ng pondo upang maipatupad ang mga proyekto para sa Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan).

Ang pag-aayos ng lungsod (urban renewal) ay isang itinalagang lugar kung saan natukoy ng Konseho ng Lungsod na kailangan ng dagdag na pamumuhunan upang mapabilis ang muling pagpapaunlad.

Kung may-ari ka ng ari-arian sa lugar para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal area), hindi ka magbabayad ng karagdagang buwis sa ari-arian. Sa halip, pasanin ito ng mga distrito ng pamahalaan na tumatanggap ng mga buwis sa ari-arian mula sa loob ng lugar para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal area). Patuloy nilang matatanggap ang kanilang kasalukuyang mga antas ng kita sa buwis sa ari-arian mula sa itinalagang lugar ngunit ang mga pagtaas sa mga kita sa buwis sa ari-arian mula sa lugar na iyon ay ilalagay

sa isang hiwalay na account na ginagamit para sa pagpopondo sa labing-anim na proyekto sa pag-aayos ng lungsod. Ito ang mga pangunahing distrito ng pamahalaan na ang kasalukuyang mga kita sa buwis sa ari-arian mula sa lugar ng pag-aayos ng lungsod (urban renewal area) ay hindi babaguhin sa loob ng humigit-kumulang 20 taon: Lungsod ng Talent ($140,000 kada taon), Jackson County Fire District 5 ($139,000 kada taon), Jackson County ($87,000 kada taon), Jackson County Library District ($23,000 kada taon), at Rogue Valley Transportation District ($7,700 kada taon). Ang halaga ng dolyar na ipinakita sa mga naunang panaklong ay nagpapahiwatig ng mga tinatayang halaga ng pagtaas ng kita sa mga buwis sa ari-arian (dolyar sa 2023) mula sa lugar ng pag-aayos ng lungsod (urban renewal area) na papasok taun-taon sa pondo ng pag-aayos ng lungsod sa halip na pupunta sa mga distrito ng pamahalaan, sa karaniwan.

Bagama't ang kita sa buwis ay ililipat din mula sa mga paaralan at mga distrito ng serbisyong pang-edukasyon, hindi direktang mawawalan ng pondo ang mga paaralan dahil sa pag-aayos ng lungsod sa kanilang komunidad. Pinopondohan sila sa pamamagitan ng Pondo ng Paaralan ng Estado (State School Fund) batay sa bilang ng mag-aaral, at ang mga buwis sa ari-arian sa buong estado ay bahagi ng pondong iyon, ngunit hindi lahat.

Ang iminungkahing distrito sa pag-aayos ng lungsod para sa Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan) ay makakalikom ng hanggang $19 na milyon sa tinatayang mahigit 20 taon.

Ipinahihiwatig **ng pagboto ng Oo** na <u>nais</u> mong gamitin ng Lungsod ng Talent ang pagpopondo para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal financing) upang ipatupad ang Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan).

Ipinahihiwatig **ng pagboto ng Hindi** na <u>ayaw</u> mong gamitin ng Lungsod ng Talent ang pagpopondo para sa pag-aayos ng lungsod (urban renewal financing) upang ipatupad ang Planong Pagpapanumbalik at Muling Pagsigla ng Almeda makaraan ang Sunog (Almeda Fire Recovery and Revitalization Plan).

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Talent.)*